

1

“O, kape ka na naman? Hindi ka ba nasosobrahan sa kape niyan?” concerned na tanong ni Jorge nang maabutan siya nito sa coffee vendo machine na nakapuwesto sa isang sulok ng emergency room.

Napakibit-balikat na lamang si Dr. Liam Lardizabal. “I can’t help it. Kailangan magising, eh.”

Sabay silang naglakad ng kapwa medical intern patungo sa nurses station.

“Bakit hindi mo kaya sabihin d’yan sa residente natin ’yang kondisyon mo? Na hindi ka puwedeng isabak sa ganitong twelve hours of duty?” suhestiyon ni Jorge habang kinukuha ang isang chart sa ibabaw ng lamesa.

“I don’t want to be treated any differently just because of my condition. At isa pa, I’m in tip-top shape now kaya tigilan mo na ’yang pagwo-worry mo d’yan.”

“Ako naman, eh, concerned lang sa ’yo. Alam mo kasi—”

Sabay silang napalingon nang bumukas ang pinto ng ER at nakita ang duguang katawang lulan sa isang stretcher. Napatakbo sila palapit doon.

“Mommy, Daddy, don’t leave me!” histerikal na sigaw ng

ikatlong pasyenteng ipinasok. Bagaman duguan, may ulirat ito kumpara sa mga kasama. “Please don’t leave me!”

“Ma’am, please. You have to calm down,” mahinahonng saad ni Liam rito habang pilit itong pinahihiga sa stretcher.

“B-but my Mom and Dad... w-will they be okay?”

Alam ni Liam na hindi dapat siya nagbibigay ng pag-asa gayong walang katiyakan ang lagay ng mga pasyente. Subalit sa pagkakataong iyon, habang nakatitig sa kanya ang babaeng puno ng takot ang mga mata at nanghihingi ng assurance, tila may kung anong kumurot sa kanyang puso at nawalan siya ng lakas na biguin ito.

“Don’t worry. They’ll be fine...”

Matapos linisin at gamutin ang kanyang sugat, pansamantalang iniwan ng intern si Daphne Zabala upang tingnan ang kanyang mga magulang sa kabilang trauma area sa loob ng Emergency Room. Dahil sa likod ng kotse nakaupo, tanging putok na kilay at mga sugat mula sa mga nagtalsikang bubog ang natamo niya. Sa kasamaang palad, ang kanyang mga magulang na pawang nasa harapan ang malubhang nasugatan nang mabangga sila ng isang van na nawalan ng preno at napaliko sa lane na tinatahak ng kanilang sasakyan.

Oh, God, please. Iligtas Mo po ang Mommy at Daddy ko,

nagmamakaawa po ako, dasal niya habang inire-ready siya ng mga nurses para dalhin sa kanyang magiging silid. Ngunit bago pa man siya maitulak ng mga ito palabas ng trauma room ay bumalik kaagad ang intern na nagpakilala sa kanya kanina bilang si Liam.

“Please tell me they’re out of danger.” Puno ng pangamba ang tinig niya nang makita ang lulugo-lugo nitong hitsura.

“I’m... I’m sorry, Daphne. Your parents didn’t make it,” pagtatapat nito nang makalapit sa kanyang tabi.

Hindi na napigilan ni Daphne ang mapahagulhol nang sa wakas ay maintindihan ang katotohanang wala na ang kanyang mga magulang. “Why does it have to be them? Bakit hindi na lang ako ang namatay?”

“Please don’t say that.”

Nagpatuloy siya sa pag-iyak hanggang sa nadama niya ang pagyakap ni Liam sa kanya. Kadalasan ay matinding pagkailang ang nadarama ni Daphne sa ganoong sitwasyon. Nagtataka siyang hindi niya tinutulan ang pag-alo sa kanya ng estranghero.

Paano na ako ngayon? What kind of life will I have now that the people I love the most are already gone?

“Kumain ka na please,” nag-aalalang pakiusap ni Ginger, ang best friend ni Daphne na siyang nagbabantay sa kanya sa ospital. “Kanina pa walang laman ’yang tiyan mo. Lalo kang manghihina

niyan, eh.”

“Mabuti nga para mamatay na rin ako at nang makasama ko na sina Mommy at Daddy.”

“Ano ka ba? Huwag ka ngang magsalita ng ganyan!” Nakahiga siya nang patagilid, nakatingin sa labas ng bintana, at nadama niyang naupo si Ginger sa likuran niya. “Alam kong mahirap. Masakit para sa ’yong tanggapin ang pagkawala ng mga magulang mo. But please, huwag mo namang sukuan ang buhay mo. May dahilan ang Diyos kung bakit hinayaan ka niyang makaligtas at mabuhay...”

“At ano’ng dahilan Niya? Ang gawin akong miserable’t nag-iisa sa mundong ’to?” balik ni Daphne na hindi maitago ang pait na dinadala sa kanyang puso.

“Oh, I’m sorry,” biglang saad ng isang tinig. Nilingon nila ang pinto at nakita si Liam. “This must not be a good time for me to come. I’ll just come back later.”

Aatras na sana ito nang pigilan ito ni Ginger.

“No, Doc, please stay,” hiling nito. “Tamang-tama lang ang dating mo at baka makumbinsi mo itong best friend ko na kumain. Wala pang laman ang tiyan niyan mula pa kaninang umaga.”

Lumapit ang intern. In a gentle voice that was filled with concern, he spoke to her. “Daphne, your parents are watching over you and it won’t make them happy kung makikita nilang

pinababayaan mo ang sarili mo. Gusto mo bang malungkot sila?”

Hindi maiwasang maantig ang damdamin ni Daphne nang marinig ang mga salitang iyon mula sa doktor. Kaya kahit wala talagang gana, pinilit niyang bumangon at sumubo ng pagkain.

Nagpalitan ng tingin sina Ginger at Liam at binigyan ng babae ng ngiti ng pasasalamat ang intern. Mayamaya ay nakatanggap ng text message si Ginger.

“Daph, bababa lang ako sandali, ha. Nand’yan kasi ang Tita Celia mo, may pag-uusapan lang kami,” paalam nito sa kanya.

“Tungkol ba ’yan sa pagdadala kina Mommy at Daddy sa funeral parlor?” tanong ni Daphne, parang gustong isuka ang pagkaing isinubo.

“Uhm... yeah. But don’t worry about it anymore. We’ll take care of everything,” Ginger said. “Magpahinga ka na lang dito.”

“Don’t worry. I’ll stay with you habang wala ang best friend mo,” ani Liam.

Lumabas si Ginger at naiwan sila ng binata sa silid.

“Alam mo, pilit kong iniisip kung ano ba ang dahilan ng Diyos at kinuha Niya nang ganito kaaga ang mga magulang ko,” paglalahad ni Daphne nang makaupo si Liam sa paanan ng kama. “They’ve been such wonderful, extraordinary people. My father is... was a highly respected Philosophy professor. He’d inspired so many people with his intellect and deep views in life. While

my mom, she didn't work and was at home most of the time but still, napakarami niyang mga kaibigan na nagmamahal sa kanya. Bakit gugustuhin ng Diyos na kunin sa mundo ang mga taong napakarami pang magagawa para sa iba? Bakit hindi na lang niya kinuha 'yung mga taong masasama ang loob?"

“Baka nakita ng Diyos na na-fulfill na ng mga magulang mo ang misyon nila sa mundo kaya kinuha na Niya ang mga ito. 'Yung mga masasamang-loob kasi na sinasabi mo, binibigyan pa sila ng pagkakataong magbago bago sila bigyan ng privilege to experience a beautiful life in heaven where I'm sure your parents will be going.”

“Pero bakit ako? Alam ko hindi naman ako masamang tao, bakit hindi pa ako kinuha ni God?"

“Dahil may misyon ka pa sa mundong ito.”

“At ano naman ang misyon ko?"

“Ang paligayahin ang mga tao sa paligid mo. You may not know it but you may already be touching someone's life right now, inspiring him to continue fighting despite life's hardships.”

“And who might this person be?" kunot-noong tanong ni Daphne na walang kaide-ideya kung sino ba ang maaari niyang mabigyan ng ganoong klaseng impact.

Hindi na rin nagkaroon pa ng pagkakataon si Liam na makasagot nang sumulpot muli si Ginger kasama ang tiyahin ni

Daphne na si Celia na kapatid ng kanyang ina.

“Dok, puwede na po bang makalabas si Daphne bukas?” tanong ni Celia sa intern. “Dadalhin na po kasi namin ang mga... labi ng kanyang mga magulang.”

“I’ll have to talk it over with her attending physician first, but I think papayagan na rin po siyang makalabas since mabuti na rin ang kalagayan niya.”

“At siyempre, Dok, kailangan niyang ubusin ang pagkain niya para ma-discharge na siya by tomorrow, di ba?” paghingi ni Ginger ng pagsegunda upang mahikayat ang best friend na kumain.

Pinagbigyan ito ni Liam. “Siyempre. She needs to regain her strength.”

“This is the moment that I dread the most, ang makita ang mga magulang ko na nasa loob ng kabaong habang pinaglalamayan ng mga tao. Kasi iyon ang magpapatunay na wala na talaga sila at kahit kailan ay hinding-hindi ko na sila makakapiling pang muli...” pahayag ni Daphne na nagsisimula na namang manginig ang tinig at mangilid ang luha.

Kinuha ni Liam ang kanyang kamay. Hinawakan nito ang kanyang baba at itinaas ang nakatungo niyang mukha. “Don’t worry. Sasamahan kita bukas sa wake ng parents mo. I promise I’ll be there by your side as you face everything.”

Ano ba ang meron ang lalaking ito? I barely know him and yet I'm so comfortable with him and he makes me feel like I'm not totally alone.

Tiningnan niya ito nang derecho sa mga mata. “Salamat, Dok. Salamat sa lahat...”

“Tumawag ako sa inyo kaninang tanghali. Ang sabi ni Manang bumalik ka raw sa ospital. Talagang hindi mo matantanan ’yung pasyente mong si Daphne, ’no!” kantiyaw ni Jorge sa kanya nang tawagan siya nito sa telepono.

“Hindi ko maiwasan. Naaawa kasi talaga ako sa kanya,” pagtatanggol ni Liam sa sarili habang naghahanap ng librong kailangan sa loob ng library sa kanilang mansion. Hinila niya mula sa bookshelf ang isang libro tungkol sa Cardiology.

“Pare, alam kong may tendency kang maging close sa mga pasyente mo pero alam kong iba itong attachment mo kay Daphne. I know higit pa sa awa itong nararamdaman mo para sa kanya,” hindi kumbinsidong pahayag nito sa kabilang linya. “Pero hindi kita masisisi. Maganda talaga si Daphne. She’s exactly your type. Petite, slim, chinita...”

“Ikaw talaga, puro ka kalokohan. Nakikita mo na ngang nagluluksa ’yung tao, kung anu-ano pa ang pinagsasabi mo d’yan!”

“Kaya nga, eh. Okay rin ’yang style mo. Pasimple kang pumoporma habang alam mong emotionally vulnerable siya.”

“Wala akong hidden agenda sa mga ginagawa ko para sa kanya. I simply want to be there and help make things a bit easier for her,” muli niyang depensa sa sarili.

“O, siya, bahala ka. Diskarte mo ’yan. Maiba ako. Nagawa mo na ba ’yung ipinapa-research sa atin ni Dr. Villafuerte?”

“Ha? Ah... about that. I’m...”

Hindi nagawang tapusin ni Liam ang kanyang pagsagot. Dinaklot ng kamay niya ang kumikirot na dibdib. Nag-collapse ang binata sa sahig ng library.

Dinig na dinig ni Jorge ang pagkalabog mula sa kabilang linya at binalot ito ng matiding takot nang wala nang marinig pa mula sa kaibigan. “Liam!”

“So are you ready to leave now, Daphne?” tanong ni Celia matapos isara ang zipper ng malaking bag na naglalaman ng mga gamit ng pamangkin.

“Uhm... Tita can we... stay for a little while?” nag-aalangang request ng dalaga sa tiyahin.

“Why? Sino pa ba ang hinihintay natin?” nagtataakang tanong ng may-edad na ring babae.

Makahulugang tiningnan ni Ginger ang nakatatandang babae. “Ah, si Doc po, Tita Celia. Nangako po kasi siya kahapon na sasama sa wake nina Tita Marichu at Tito Nelson.”

Napabuntong-hininga ang tiyahin ni Daphne bago kinausap ang pamangkin. “Ah, oo nga pala, muntik ko nang makalimutan.” Naupo ito sa silya sa tapat ng kama ni Daphne. “Alam mo, Hija, natutuwa ako sa doktor na ’yon. Bukod sa pagiging magandang lalaki niya at pagiging simpatiko, espesyal ang pagtrato niya sa ’yo.”

“Pansin ko nga rin po, Tita,” ani Ginger.

“Nagmagandang-loob lang po siguro ’yung tao,” dismiss ni Daphne. “Anyway, I think we should go now. I want to see my mom and dad,” napapaluhang saad ng dalaga.

“Huwag kang mag-alala. Nandito kami ni Ginger sa tabi mo at naroroon rin ang iba pa nating kamag-anak, at ang mga pinsan mo na handang umalalay at sumuporta sa ’yo,” sabi ni Tita Celia para palakasin ang loob niya.

“Ma’am, gusto n’yo po bang magpatawag ako ng mag-a-assist sa inyo para maibaba ang mga gamit ninyo?” tanong ng nurse na pumasok sa silid.

“Sure, that would be nice,” sagot ni Ginger sa lalaking nurse. “Uhm, excuse me, nand’yan na ba si Dr. Liam Lardizabal? Nakaduty ba siya ngayon?”

Sigaw Ng Puso - Terri Dizon

“May duty po siya dapat ngayon, Ma’am, kaso hindi po siya pumasok.”

“Ah, ganoon ba? Sige, maraming salamata,” ani Ginger.

Nang makalabas ito ay saka nagsalita si Daphne. “Let’s not wait for him. Alam kong busy iyong tao.”